Poetry Series

# Karl Gerald Saul
# - poems -

**Publication Date:**
2009

**Publisher:**
Poemhunter.com - The World's Poetry Archive

# Karl Gerald Saul(February 23,1987)

Kung gusto nyo talaga akong makilala., add nyo nalang ako sa Friendster., kaiserkagesa@ o di kaya bisitahin nyo nalang yung site ko.,

# Alaala Ng Dati Kong Rosas

Aawitan ko ang bawat tag-araw, tag-lagas at tag-ulan,
Aaliwin ko ang aking sarili sa piling ng araw, bituin at buwan.
Hangga't wala ka'y saglit akong makikipag-awitan sa mga bulaklak sa halamanan.

Pipitasin ko sa mga rosas ng mga masasayang alaala,
Ibubugkos ko ang mga taludtod ng aking pangungulila,
Puputulin ko ang mga tinik pagkat sa piling ko'y wala ka na,

Nang di na masugatan ang aking daliring wala pang kuko,
Sa aking balat at palad na punong - puno ng kalyo,
At ang pagdaloy ng dugo'y di na umabot pa sa 'king siko't braso.

Titipunin ko ang mga rosas hangga't sa 'king alaala sila'y malanta,
Hahayaan ko ang talulot nila'y mahulog't malagas isa-isa,
Gagawin ko iyong palaman sa mga letra ng aking gagawing tula,

Akin 'kong isasalansan ang bawat kulay't hugis ng mga talulot,
Iipunin ko sa aking mga tula upang di maluma't malukot,
Upang sa bawat pahina ang alaala mo'y di malimot-limot.

Karl Gerald Saul

# Bata (Nangangarap Ng Imposible)

Nais kong lumipad tulad ng ibon sa kalawakan
nais kong lumangoy gaya ng isda sa karagatan
nais kong maging leong mabangis na katatakutan ng lahat
nais kong maging serena na kumakanta habang lumalangoy sa dagat

Nais kong maging musikero na tumutugtog na mga instrumento
nais kong maging sikat na singer na hawak hawak ang mikropono
pagkat ako'y isang hawak na bata lamang na nangangarap ng imposible

Lahat ng iya'y imposible kong makamit - imposibleng magawa
sinong tutulong sa'kin?
sinong gagaba'y sa'kin?
wala, wala talaga, kung meron sino kaya?
sa pangarap ko lang talaga ito magagawa

Karl Gerald Saul

# Lihim Na Pagtingin

Chords:
G - D - Em - C

Verse1:
Sigaw ng damdamin
Binubulong ko sa hangin
Na sa twina
Ikaw ang nais na makita

Chorus 1:
Ikaw lamang sa puso ko
Ikaw ang nais na makasuyo
Ang lihim na pagtingin
Sana’y iyong mapansin

Verse 2:
Ano aking gagawin
Naramdaman di maamin
Na mahal kita
Ikaw ang nais makasama

Chorus 2:
Ikaw lamang sa buhay ko
Ikaw ang nais na makatagpo
Ang lihim na pagtingin
Sana’y iyong mapansin

Bridge:
Panghabangbuhay
Ikaw at ako
Kaya’t sana’y
Magkatotoo

(Repeat Chorus 1 & 2)

Karl Gerald Saul

# Nasaan?

Ikaw ang tanging nasa puso ko
ikaw lamang ang minamahal ko
ikaw ang laman ng isip ko
ikaw ang laging hinahanap ko

Ngunit ba't nagkaganito?
unti unti ka nang nagbago, lumayo
pinilit kong ika'y kalimutan na
ngunit hindi ko magawa-gawa

Ang sarap damhin ng ngalan mo sa 'king labi
ang sarap pakinggan, ang tamis parang isang halik
ang sarap ding damhin ng kamay mo  sa 'king palad
kahit malayo ka pagmamahal mo'y bumabalik

mahirap kalimutan ang babaeng katulad mo
sa lungkot at saya kasakasama ka
di ko kayang balewalain ang pag-ibig ko sayo
nais ka nang makita, mahalikan, mahagkan at makasama

Nasaan ka na ba?

Nasaan ka na?

Karl Gerald Saul

# Palimos

Magrasang damit ng batang madungis
tyang gutom at katawa'y malangis
palaboy-laboy sa eskinita
pagala-gala sa kalsada
uupo sa sulok may katabing lata
limos na inaabot ang lata
sa mga tao nagmamakaawa
para makakuha kahit kaka-unting barya

Paglipas ng hapon at pagsapit ng gabi
walang paligo at katawa'y makati
ang naipon nyang pera
kulang kulang sampu ang halaga
di na matiis ang gutom nagkalkal ng basura
sa tagal walang makita
nainip,
nakatulog,
nahiga,
ang naipong barya
idadagdag nalang bukas sa lata

Karl Gerald Saul

# Sembreak

Kaibigan,

Naalala mo pa ba ang masasaya nating kwentuhan?
May konting joke lang iyo mo na agad tatawanan
Sumasabay pa ang mga laway mong nagtatalsikan
Na nagkalat sa mukha kong iyo mo pa ngang pinupunasan

Sa kanto,

Naalala mo pa ba ang ating istambayan?
Nagpapasama ka sa'kin matanaw mo lang ang crush mong dadaan
Ngunit dedma ka, hindi ka nilingon kahit sinigaw mo na ang pangalan
Kaya minsan umuuwi tayong ikay bigo at kung minsan ay luhaan

Sa tabing ilog,

Iyo mo rin bang naaalala't natatandaan?
Sa puno ng mangga doon tayo nagtayo ng bahay-bahayan
Dun tayo nagdadala ng pagkain para sabay tayong mananghalian
At dun ko na saksihan ang iyong kakaibang katakawan

Pagkatapos ng bakasyon, sabay tayong pumapasok sa eskwelahan
Kapag break time magkasamang nakikisalo sa mga kaklase, nakikipagburautan
Sa takdang aralin sabay tayong gumagawa at nakikipagkopyahan
At sa pag-uwi sabay din tayong dumidiretso sa komputeran at bilyaran

At nung nagsembreak,

Asan ka na nga ba aking kaibigan?
Hindi na kita nakita't matagpuan sa kung saan
Lumingon na ako sa likod, kaliwa at sa kanan
Ngunit ang anino mo hindi ko na matagpuan

Karl Gerald Saul